ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

Taon 4 • Blg. 1 Mayo 13-19, 2019 • P10.00

Kauna-unahang TB-free...

# 'TANGLAW' NG DOH-CALABARZON

pahina 2

## P3.9-M SET FOR STUDENTS JOBS IN CAVITE

pahina 9

## SC URGES PROMPT ACTION ON ZAMBO JUDGE'S SLAY

p. 11

## NEVER SAY DIE NG GINEBRA NG MAGSIMULA

p. 6

## TSUPER, NATIGOK SA KANDUNGAN NG IBANG BEBOT

p.12

## 50 'TULAK' SA CAVITE, SWAK SA KULUNGAN



pahina 4



## DOH, DOT, PCG SIGNS TRIPARTITE MOA FOR THE IMPLEMENTATION OF HiT IN CALABARZON


pahina 7

## DUMPSITE SA LIMAY, IPINASARA NG DENR

pahina 5



Antonio's Place Private Pool and Event Place
168 Ilang-Ilang St. Ligas 3, Bacoor, Cavite
0945-4124112/ 0928-2623099


Amilia's Pool House
For inquiries and reservation:
0932-7992476/ 0916-6784000
B5L4 Celestino Subd.
San Nicolas 3, Bacoor, Cavite



KC-Keon Private Pool
Pangilin Compound, San Nicolas 1, Bacoor, Cavite
0977-0122658 (globe), 0928-4416088 (Smart)



## NADINE LUSTRE, HANDANG 'MAGBATO'



pahina 8

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

## Kauna-unahang TB-free...

# 'TANGLAW' NG DOH-CALABARZON

**ISANG Isla sa CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) ang gagawing eksperimento ng Department of Health (DOH) na kauna-unahang Tuberculosis (TB) free sa rehiyon.**

Ayon kay DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo Janairo na napili nila ang Isla Tingloy sa Batangas na gagawing eksperimento na kauna-uanahang TB free dahil isa ito sa lugar sa CALABARZON kung saan mataas ang kaso ng TB at patuloy pang tumataas.

"We have chosen to start the project at Tingloy because it is one of the areas in CALABARZON where cases of tuberculosis are high and continuous to increase. Isasama din natin dito ang municipality ng Mabini, Batangas dahil dito ang entry point ng mga tao at isa rin itong factor na maaring panggalingan ng TB transmission", ito ang sinabi ni Janairo na paglulunsad ng programang TANGLAW or"TB Agapan, N Gayon Lunasan at Wakasan" sa Municipal Covered Court sa Tingloy, Batangas.

Sa datos. mayroong 69 pasyente sa Isla na positibo sa sakit na TB at mayroon pang 21 dito na positbo at ina-identified pa mula Enero hanggang Abril 30 ng taon kasalukuyan.

Paliwanang ni Janiaro na ang Tingloy ay isang Isla, presko ang simoy ng hangin subalit mataas pa rin ang kaso ng TB at kung dito ilulunsad ang kauna-unahang TB free program ay mas madaling hanapin ang mga pasyente at mabilis silang gagamutin.

At upang maisakatuparan na maging TB free sa rehiyon ang Tingloy Island, nagsagawa ng TB screening sa buong pupulasyon ng Isla mula sa bata hanggang sa matatanda, sinuri at magamot upang tuluyang hindi na kumalat pa ang impeksiyon sa kommunidad.

"Gagawa rin tayo ng database ng mga pasyente at mapping system upang magkaroon tayo ng geographical information system at visual presentation kung nasaan ang ating mga TB cases para madali silang mahanap at mapuntahan. This is also to ensure the continuity of TB treatment completion" ayon pa kay Janairo.

Ang CALABARZON ang isa sa 3 rehiyon na nanguna na may pinakamataas na bilang ng kaso ng TB, ang National Capital region (NCR) ang pinakamatas, sumunod ang Region 3 (Central Luzon)

Tinatayang may mahigit 1 million na mga Filipinos ay may sakit na TB at mayroong 60 Filipinos ang namamatay dahil sa sakit na ito.

Base sa 2018 Regional National Tuberculosis Control Program, mayroong 53,275 kabuuang kaso ng TB c, 45,611 dito ay mga bagong kaso habang 7,664 ay retreatment cases.

Ang Tingloy Island at isang 5th class municipality sa Batangas na may humigit kumulang sa P20,000 na populasyon.

**GENE ADSUARA**

## Tuloy ang kaso kahit tapos na ang eleksiyon: Atty. Refaso

**(Istorya at mga larawan ni Romy Santos)**

Kabilang ito sa mga pahayag ni Atty. Mynoa Refaso sa ambush interview sa kanya ng mga mamamahayag mula sa iba't ibang media entity matapos niyang isumite ang disqualification case sa main office ng Commission on Elections (Comelec) sa Intramuros, Manila ilang araw bago ang halalan laban kay reelectionist Cavite Governor Juan Victor "Jonvic" Remulla.

Batay sa petisyon ng isang nagngangalang Efepania Sunico,


may naganap umanong vote buying sa Remulla's political campaign rally nitong Mayo 4 sa Barangay Zapote V, Bacoor City, Cavite.

Kaya hinihiling nito sa komisyon ang diskwalipikasyon ng naturang kandidatong gobernador ng Cavite.

Sa ilalim ng Omnibus Election Code, ang vote-buying ay isang election offense na may kaukulang parusang pagkakabilanggo ng mula isa hanggang anim na taon.

Bukod pa rito, kapag napatunayan sa nasabing opensa ay aalisan ito ng karapatang makaboto at hindi na pahihintulutan pang humawak ng ano mang posisyon sa gobyerno.

"Naniniwala po tayo sa kakayahan at integridad ng Comelec hinggil sa mga ganitong bagay. Matapos man ang eleksiyon ay tuloy pa rin ang laban o kasong ito," ani Atty, Refazo.



Ipinapakita ni Atty. Mynoa Refazo ang kopya ng naturang demanda.



Ambush interview kay Atty. Mynoa Refazo.



Tinatatakan ng kawani ng Comelec ang petisyon na tinanggap nito matapos isumite ni Atty. Mynoa Refazo.

## Modus ng 'Haponesang hilaw' nalusaw

**LUSAW** o buking ang modus operandi ang isang 28-anyos na umano'y isang Filipino-Haponesa na binibiktima niya mismo ang kanyang hipag nang naaktuhan ito habang wini-withdraw ang perang pambayad ng huli sa Alfonso, Cavite.

Swindling, paglabag sa Article 315 ng RPC (Estafa) at Article 38 (Illegal Recruitment) ang isinampang kaso laban sa suspek na si Jessica Brena Amoy, na may aliases na "Kaiyuki Tan Sakae", "Darlene Tan" at " Jessica Tan" ng Bgy Sikat, Alfonso, dahil sa reklamo ni Michelle Torcelino , 24, dalaga, instructor, ng Brgy Sikat, Alfonso.

Sa reklamo ni Michelle kay PMSgt Dante Baje, ng Alfonso Municipal Police Station, kinumbinsi umano siya ng suspek , na asawa ng kanyang kapatid na si Kevin, na magpadala na ng pera kay Jessica Brenda Amoy para sa bayad ng kanyang Pre Departure Seminar (PDOS) para makaalis na ito patungong Japan.

Gayunman, nagtaka ang biktima na ang Jessica Brenda Amoy at "hipag" nitong si Kaiyuki Tan Sakae" ay iisang tao kaya bago naghulog ng pera ay nagreport ito sa Alfonso MPS para magsagawa ng entrapment operation.

Dakong alas-3:30 ng hapon ay nagtiyagang naghintay ang Alfonso MPS at ang biktima malapit sa Palawan Express sa nasabing bayan at sa aktong iwini-withdrwaw ng suspek ang pera ay inaresto ito.

Sa pagkakaaresto ng suspek, nabuking nito na ang kanyang hipag na si Kayuki Tan Sakae at Jessica Brenda Amoy, Darlen tan at Jessica Tan ay iisang tao lamang.

Nakuha sa suspek ang transaction Code na nagkakahalga ng P5,000, 198 na iba't ibang pasaporte at ID ng biktima na isang Jessica Brenda Amoy sa tunay na buhay.

Sa pagkakaaresto sa suspek, lumutang din ang iba pa nitong biktima na hiningan din niya ng pera na umabot sa halos P1 milyong.

Nalaman din sa pagsisiyasat ng pulisya na ang mga ginagamit na Darlen Tan at Jessica Tan sa pagre-recruit sa ibang biktima at Kayuki Tan Sakae ay iisang tao lang.

Ayon kay Baje, ikinasal umano ang suspek at sa kapatid ng biktima na si Kevin kung saan gamit nitong pangalan ay Kaiyuki Tan Sakae na isang Filipino subalit lumaki sa Japan.

**GENE ADSUARA**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## 'Pag nanalo ay nandaya at 'pag natalo ay nadaya

SA pagtatapos ng halalan ay ito naman ang kadalasan nating maririnig.

Kapag si kandidato ay nanalo, ang ibabatong akusasyon ng kalaban ay dahil nandaya ito.

Ibig sabihin, ang kanyang himutok ay nadaya siya dahil sa pagkakatalo.

Magulo ano po, hindi natin alam kung saan na ba talaga tayo lulugar.

Ang siste, ang mga die hard supporter ang higit na maingay sa pangangalampag kumpara sa kanilang kandidato.

Ganoon naman talaga eh, siyempre ay tahimik kunwari si natalong kandidato at ang mga tagasuporta ang pinag-iingay.

Hindi pa ba tayo natututo? Sa panahon ng kampanyahan ay alam naman nating pinaiikot lamang tayo ng mga kandidato sa kanilang mga palad.

Maaaring hindi lahat dahil mayroon din naman talagang nasa puso ang pagseserbisyo.

Iyon nga lamang ay bilang na bilang na at masuwerte kung siya o sila nga ang ating nasuportahan.

Hindi naman natin maiaalis na manahimik na lamang ang kandidato o kanyang mga supporter, paano nga naman kung talagang nadaya?

Tama lamang na maghain ng kaso o reklamo subalit sana nga lamang ay huwag sa pamamaraang pag-iingay sa social media.

Granted, pwede rin mag-ingay sa social media pero sa wasto o maayos na sitwasyon.

Kinasuhan na ang kalaban kaya hinay na lamang sa pagbira at makabubuting hintayin ang resulta ng isinampang kaso.

Ewan ko nga ba, bakit may ilan na nagtataglay ng ganitong mentalidad kapag natapos na ang eleksiyon at mayroon ng resulta para sa mga nanalo.

Sana ay alisin na ang ganitong klase ng pag-iisip at ang mga talunang kandidato ang dapat na mismong magpakalma sa kanilang tagasuporta.

Pero mayroon din naman kasing kaso na ang mga supporter ang mas mainit.

Sila pa ang humihikayat sa natalong kandidato para magreklamo.

Dapat po ay wala ng 'gatungan' pa, sa panig ng natalong kandidato at ng mga supporter.

Habang tinataglay ang ganitong kataga, 'pag nanalo ay nandaya at 'pag natalo ay nandaya' malamang na wala talagang patutunguhang maganda ang ating bansa.

Sakali naman na ganitong uri ng kandidato ang inyong nasamahan at nasuportahan ay magsilbing aral na po.

Sa susunod ay huwag na ninyo silang tangkilikin dahil kayo ay kanya lamang gagamitin.




**PCLEDO BIZ iCREATE PROGRAM IN ITS 4th SESSION:** Twenty aspiring entrepreneurs who are eager to learn essential tips in managing a business attended the session 4 of BIZ iCREATE- Cavite's Responsible Entrepreneurs Aiming Toward Economic Sustainability program on May 02, 2019 at PCLEDO Training Area, CaCoDeC in Trece Martires City. After a thorough discussion on Entrepreneurial Mindsetting and Entrepreneurial Skills Development with Dr. Aldrin Antivola, Professor in DLSU-Dasmariñas Graduate School of Business, participants were divided into four groups to prepare their own strategized business plan outline based on what they have learned throughout the training. Each group was partnered with business coaches to guide them towards improving their business plan. Coaches were Greziel M. Baylosis, Marketing Manager of RGER SERVICES; Zandro M. Catacutan, Faculty Researcher of Cavite State University- Main Campus; Allan G. Reclusado, Manager/Owner of Aqua Four A Purified/Alkaline Water Station; and Ashley C. Espino, BSBA Marketing Management graduate of Polytechnic University of the Philippines- San Pedro Laguna Campus. The said business plans will be presented on May 28, 2019. — **(PICAD)**

# EDITORYAL

## Lubog na sa pagkakautang

**UMABOT na sa P7.802 trillion ang outstanding na utang ng pamahalaan.**

**Ang naturang utang ay hanggang sa unang bahagi ng kasalukuyang taon.**

**Sinasabi ng Bureau of the Treasury (BTr)na hanggang sa katapusan noong Marso 2019, ang outstanding debt ng gobyerno ay mas mataas ng 13.4 porsiyento kung ihahambing sa P6.878 trillion noong 2018.**

**Batay pa sa datos, ang naturang utang sa loob ng tatlong buwang panahon ay higit na mataas ng 4.7 porsitento kung ihahambing sa end-February level na P7.451 trillion.**

**Binabanggit na ang 33.4 porsiyentong utang ay mula sa external markets habang ang 66.6 percent ay mula sa domestic creditors.**

**Nakakalula lamang at talagang hindi maiaalis ang kasabihang ang batang isisilang pa lamang ay lubog na sa pagkakautang.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **roneled@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.***

HANEP Basahin Mo Ito!
Mayo 13-19, 2019

# 50 'TULAK' SA CAVITE, SWAK SA KULUNGAN

**SWAK sa kulungan ang limampung hinihinalang tulak kabilang ang 3 kababaihan matapos na arestuhin sa isinagawang buy bust operations sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite.**

Sa report ng Cavite police, isinagawa ang buy bust operation sa pagitan ng alas -8:50 ng gabi hanggang alas-3:30 ng madaling araw ng pinagsanib na puwersa ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) at PDEA 4A sa 6 na Lungsod at 4 na bayan sa Cavite.

Sa Dasmarinas City, 11 katao ang inaresto sa isinagwang buy bust operation sa Bry Paliparan 3, Brgy Sampaloc 4 at Brgy San Luis 2 habang 8 katao naman ang hinuli sa Brgy Muzon 1 at 2 at Brgy Silangan 1 sa Rosario, Cavite at 7 katao naman ang dinampot sa Brg Alapan 1 at Pasong Buaya 2 sa Imus City.

Sa Bacoor City, 4 na tulak naman ang inaresto sa Brgy San Nicolas 3 habang 4 din katao sa Brgy Paradahan sa Tanza , at 4 ding tulak sa Brgy Biga at Brgy Lalan 1 sa Silang.

Tig-tatlo o may kabuuang 12 katao ang dinakip naman sa Gen. Trias City, Trece Martires City, Cavite City at Kawit kung saan 3 dito sa Brgy Pasong Kawayan 2 sa Gen. Trias, 3 din Brgy Balsahan at Puporista sa Kawit habang sa Brgy Hugo Peres at Brgy Gregorio sa Trece Martires City ay 3 din at sa Brgy 36M at Brgy 54 A sa Cavite City ay 3 din.

Ang mga naarestong suspek ay sinapahan ng kasong pagalbag sa RA 9165. **GENE ADSUARA**

# PANAWAGAN NG MUSLIM SA PANGULONG DUTERTE



PINANAWAGAN ni Allan Balangi - Amer President One Bagsamoro Movement (1BANSGSA) kabilang ang mga kasamahan nito na sina Yusoph Mando President Muslim Affairs Council Of The Philippines (MACPHIL), Dr. Patani Abdulmalik President Ulama and Imams Association of the Philippines, at Cocoy B. Bansao, Chairman Bangsamoro National Coordinating Council (BNCC) ay nagkakaisa ang kanilang grupo na muslim na ipanawagan kay Pangulong Rodrigo Duterte na ipagpaliban ang halalan sa BARMM kung saan ay naging lantaran ang bilihan at bentahan umano ng Boto makaraang ganapin ang pag titipon sa NPC Intramuros, Manila (RGN)

**NAGKAKAISA** ang grupo ng mga Muslim advocate upang ipanawagan sa mahal na Pangulong Rodrigo Duterte ang pagpapaliban ng election sa BARMM area kung saan umano ay naging talamak ang bilihan at bentahan ng boto.

Ang Bangsamoro Multi-Sector Group, alyansa ng iba't ibang organisasyon sa buong Pilipinas ay nakapagtala ng mahigit sa 600 na mga sinumpang salaysay ng mga kaso ng bentahan at bilihan ng boto at ito ay naisampa na sa legal Department ng Commission on Election.

Ayon kay Alan Balangi, Chairman ng One Bangsamoro movement (1Bangsa) ang bentahan at bilihan ng boto at nakaumang na dayaan sa kanyang lalawigan ng Lanao Del Sur ay hindi nab ago bagkus ito ay dekada ng umiiral. Ayon pa sa kanya mula 5 libo hanggang 10 libo ang bentahan ng boto bawat isang botante.

Ayon pa kay Yusoph Mando, Chairman ng Muslim Affairs Council of the Philippines (MACPHIL) hindi lamang nangyayari sa Lanao Del Sur kundi sa buong rehiyon ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) "Bilang isang Basileno o taga Basilan talamak din po ang bentaan at bilihan ng boto sa Basilan at maging sa ibang lalawigan pang sakop ng BARMM.

Si Sultan Faizal B. Bansao ay isa sa mga nagpahayag ng pag sang ayon sa kanilang panawagan upang ipag paliban ang halalan sa BARMM Region.

Si Dr. Alim Fatani Sultan Abdul Malik ang President ng Ulama at Imam of the Philippines ay nag pahayag ng kanilang mahigpit na pamantayan buhat sa Qur'an ang pagbabawal ng kanilang relihiyon sa bentahan at bilihan ng boto sapagkat ito ay parehong magkakaroon ng malaking kasalanan.

Magbigay at tatanggap ng katapat na halaga ng pera dahil ito ay maituturing na bribe.

# Mga kasambahay, kabilang sa makaka-avail ng expanded maternity leave

**ODIONGAN, Romblon (PIA) —** Ang mga kasambahay ay kabilang sa mga mabibigyan ng pagkakataong makakuha ng benepisyo sa ilalim ng Expanded Maternity Leave Law partikular ang legal na nagtatrabaho sa kanilang mga amo.

Sa ginanap na Kapihan sa PIA-Romblon ay sinabi ni Christine R. Riano, Acting Branch Head 1 ng Social Security System (SSS) – Romblon, na ang mga kasambahay na hinuhulugan ng kanilang amo ang SSS ay maaaring mag-avail ng maternity leave na hanggang sa 105 araw.

Kung P5,000-pataas ang suweldo ng mga kasambahay kada buwan, dapat sagutin ng amo ang kaniyang mga benepisyo, gaya ng SSS at Philhealth batay sa Republic Act No. 10361 o "Domestic Workers Act" na isinabatas noong 2013.

Sinabi ni Riano na kapag may P5,000 na buwanang sahod ang isang kasambahay, dapat ay magbayad ang kaniyang employer ng P400 habang ang kasambahay naman ay magbabayad ng P200 sa SSS o kabuuang P600 na buwanang SSS contribution.

Hinikayat rin ni Riano ang mga employers na i-register sa Social Security System ang kanilang mga kasambahay at 'wag gawing voluntary member lang ng SSS. May mga benepisyo aniya para sa mga manggagawa o trabahador na hindi mapapakinabangan ng mga kasambahay kung hindi sila rehistrado bilang employed ng kanilang mga amo.

Posible aniyang magmulta ng P200,000 at makulong ng hanggang anim na taon ang isang employeer kung sakaling hindi ito nagremit ng tamang contribution ng isang empleyado kagaya ng mga kasambahay.

Samantala, para sa mga gustong magsumbong at magreklamo, maari kayong pumunta sa opisina ng SSS o di kaya ay tumawag sa kanilang landline number na (042) 567-5114.**(PJF/DMM/PIA-MIMAROPA/Romblon)**

# Kampanya kontra iligal na droga pinaigting sa Batangas

LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)- Pinaigting na kampanya kontra iligal na droga ang ipapatupad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Batangas at Batangas Police Provincial Office (BPPO) matapos ang isinagawang pagpupulong noong Abril 24 sa People's Mansion, Provincial Capitol sa lungsod.

Layon ng pagpupulong na mas mapalakas pa ang kampanya sa pagsupo sa iligal na droga sa lalawigan alinsabay ng pagtugon sa puna ni Pangulong Rodrigo Duterte sa kanyang pagbisita kamakailan na kabilang sa "Red Flag" ang lalawigan pagdating sa drug scene.

Tinalakay sa pagpupulong ang proposed plan ng BPPO na may titulong "BPPO: Oplan Sacleo on Illegal Drugs 2019-01."

Inilatag ni PCol. Edwin Quilates, provincial director ng BPPO, ang mga operasyong tiyak na makatutulong sa kampanya ng pamahalaan laban sa droga, kabilang ang pagsasagawa ng aggressive anti-illegal drug operations, re-accounting of drug groups and members including drug watch list, at paglulunsad ng focused and intelligence-driven operations.

Ayon kay Quilates mas paiigtingin din ang isasagawang buy bust operations ng 34 na police stations, kung saan sakop din ng mga operasyon ang maritime at coastal barangays. Kasama sa plano ang pagkakaroon ng sustained strategy upang magtuloy-tuloy ang mga nasimulang aksyon ng BPPO.

Batay sa huling datos ng BPPO sa lalawigan, 28 o nasa 2.6% ang kabuuang drug unaffected barangays; 631 o nasa 58.53% naman ang total number of drug affected barangays; samantalang may kabuuang 419 o 38.87% ang cleared na mga barangay sa usapin sa droga.

Ayon kay Provincial Administrator Librado Dimaunahan, maglalaan ang pamahalaang panlalawigan ng pondo upang maipatupad ang plano ng BPPO. Bukod dito, hindi lang ang kaso sa droga ang tututukan nila, kung hindi pati na rin ang problema sa baril na nagiging paraan sa pagprotekta sa mga gumagamit ng iligal na droga.

"This has to be implemented, ang pamahalaang panlalawigan ay nakahandang sumuporta sa lahat ng plano ng ating kapulisan dahil ito ay para sa ikauunlad at ikaaayos ng ating probinsya," dagdag na pahayag ni Dimaunahan. (BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas)

# RTC judge shot dead in Zambo Norte town

**DIPOLOG CITY,** Zamboanga del Norte – A trial court judge in the town of Liloy, 130 kilometers west of this city, was shot dead by a still unidentified person at a parking lot of Liloy's Hall of Justice around 3 p.m. Thursday.

In its initial report, Staff Sergeant Celso Suganob, of Liloy Municipality Police Station, identified the victim as Judge Reymar Lacaya of the Regional Trial Court (RTC) Branch 28 based in that town.

Lacaya was brought to Liloy District Hospital but was declared "dead on arrival" by the attending physician.

Suganob cited the difficulty in investigating the case because Lacaya was alone when the incident happened.

A lawyer who asked not to be identified said that Lacaya inherited heinous crime cases wherein his predecessor granted bail to suspects.

"Upon assuming his new post, Judge Lacaya recalled these bail grants and issued another arrest warrants which may have angered the suspects," the lawyer said.

Aside from that, the lawyer stressed that Lacaya was a "good person, wala gyud to siya'y problema (he is easy to deal with)". ***(PNA)***

# DUMPSITE SA LIMAY, IPINASARA NG DENR

**LIMAY, Bataan (PIA) — Nag-isyu nitong Miyerkules ang Department of Environment and Natural Resources o DENR ng cease and desist order laban sa operasyon ng isang dumpsite sa Sitio Mamala, Barangay San Francisco de Asis 1 sa bayan ng Limay.**

Pinangunahan ni DENR Undersecretary Benny Antiporda ang inspeksyon ng pitong ektaryang dumpsite na sinabi niyang iligal dahil ipinasara na ito noong 2015.

Ayon kay Antiporda, ang mga nakitang basura ay maaring makapinsala sa Manila Bay dahil konektado rito ang isang ilog na malapit sa dumpsite.

Giit niya, mawawalan ng saysay ang patuloy na paglilinis sa Manila Bay kung pahihintulutan pa ang mga ganitong dumpsitesna hinahayaan ang mga basura na agusin na lamang.

Ani pa niya, hindi lang solid wastesang kanilang ikinababahala kundi ang mga katas ng basura na napupunta sa kanal na siyang dumidiretso sa katabing ilog. **(CLJD/MJSD-PIA 3)**




WALANG KYEME: Namulot ng mga kalat, nagwalis at nagkalkal ng basura ang 32 kandidata ng Miss Teen PH 19 bilang pagpapakita na hindi lang ganda at talino ang taglay nila pati ang pagmamalasakit at pagmamahal sa Inang Kalikhasan. Samantalang pinangunhn ni DENR USEC. Benny Antiporda ang Clean Up Drive sa Manila Bay kung saan patuloy ang pagre-rehabilitate ng nasabing dalampasigan sa Maynila. (Christian Heramis)

## Remulla calls disqualification case a 'disservice' to Caviteños

**IMUS CITY, Cavite –** Former Cavite governor, Juanito Victor "Jonvic" Remulla, now seeking to stage a comeback, came out to answer some of the allegations of a Bacoor resident who filed a petition Wednesday urging the Commission on Elections (Comelec) to disqualify him for his supposed involvement in vote-buying.

"This is a disservice to Caviteños," said Remulla at a press conference at Isla Events Center here, aired live over his official Facebook page (Jonvic Remulla), on Thursday afternoon.

Remulla said he is saddened that instead of talking about more important issues that affect Caviteños, such as drugs, flood, traffic, and jobs, the issue is zeroing on "vote buying".

On Wednesday, resident Efepania Sunico of Bacoor City filed the petition for disqualification at Comelec Manila due to the alleged incident of vote-buying during Remulla's political campaign rally last May 4 in Barangay Zapote V, Bacoor City.

Ten suspects identified as Remulla's supporters were arrested by elements of Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Cavite Provincial Field Unit (PFU) and elements of Cavite Provincial Intelligence Branch (PIB) for allegedly distributing brown envelopes containing PHP200, a plastic bag containing red wristbands, as well as other campaign materials bearing the names "Jonvic Remulla Gobernador" and "Jolo Revilla Bise Gobernador".

The suspects were presented for inquest proceedings before Fiscal Bernadeth Platon at the Bacoor City Hall of Justice but were released Tuesday (May 7) without charges by CIDG for further investigation.

Remulla promised to respond to the issues "in due time" if a formal complaint is filed against him.

Meantime, Police Lieutenant Col. Chitadel Gaorian, information chief of the Calabarzon Police Office, assured that the police remains apolitical and that they will run after any involved in illegal activities, regardless of political affiliations of those involved. ***(PNA)***

## PhilHealth reminds public facilities to register Point of Service patients promptly

The Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) reminds all concerned health care institutions (HCIs) to register their patients assessed as financially incapable (FI) under the Point of Service (POS) program within 72 hours from assessment so that their claims will not be denied. The reminder was issued in the light of observations and reports that there are HCIs registering their patients assessed as FI thru the POS beyond the 72 hour requirement or sometimes even a month after discharge. The POS is a program provided in the Government Appropriations Act (GAA) for the current year, to cover all Filipinos under the National Health Insurance Program (NHIP), including the unregistered and inactive registered members especially those who are financially incapable.

Filipino citizens who will be covered under the POS Program, must be admitted in a ward type of accommodation and classified as financially incapable to pay his/her PhilHealth contribution according to the DOH classification on indigents. Members availing of this program shall be included in the PhilHealth membership database for possible inclusion in the list of indigent beneficiaries whose premiums are to be shouldered by the National Government. PhilHealth offices nationwide are ready to process the PhilHealth Identification Number (PIN) of patients enrolled as POS-FI immediately upon receipt of requests from public HCIs. Hence, HCIs are therefore encouraged to promptly register their FI patients to avoid denial of claims due to delayed issuance of PIN.

## TESDA, OWWA, lumagda ng kasunduan para sa mga pabalik na OFWs

**LUNGSOD NG SAN FERNANDO,** Pampanga (PIA) — Linagdaan ng Technical Education and Skills Development Authority o TESDA at Overseas Workers Welfare Administration o OWWA ang isang kasunduan para sa pagsasanay at sertipikasyon ng mga pabalik na Overseas Filipino Workers o OFWs.

Bahagi ang nasabing kasunduan ng Comprehensive OFW Reintegration Program Framework na naglalayong paigtingin ang interbensyon ng TESDA para sa mga pabalik na OFWs.

Sa ilalim ng nasabing Memorandum of Agreement o MOA, magbibigay ang TESDA sa OWWA ng listahan ng mga programa at mga iskedyul ng pagsasanay kabilang ang Training for Work Scholarship, Special Training for Employment Program, Onsite Assessment Program, at iba pang mga insiyatibo para sa mga pabalik na OFWs.

Ayon kay TESDA Director-General Isidro Lapeña, magtatalaga rin ang ahesya ng focal person na magsasagawa ng orientasyon, pagsasanay, pagtatasa, sertipikasyon at job referrals sa mga OFWs at kanilang mga pamilya.

Dagdag ni Lapeña, bahagi din ng nasabing MOA ang pagkakaroon ng talaan ng TESDA ng mga OFWs na lumahok sa mga pagsasanay o nabigyan ng pagkakataong magtrabaho muli sa bansa.

Samantala, magbibigay naman ang OWWA sa TESDA ng listahan ng mga pabalik na OFWs, kabilang na ang kanilang kakayahan at kasanayan, pati na ang mga posibleng pagsasanay na kakailangan nila upang lalo pang mapahusay ang kanilang kasanayan.

Naka-angkla ang kasunduan sa mandato ng mga ahensyang maglingkod at itaguyod ang interes ng mga OFW at kanilang mga pamilya, bilang pagkilala sa kontribusyon ng mga ito sa pang-ekonomiyang pag-unlad ng bansa. **(CLJD/MJLS-PIA 3)**

## MMDA urges film producers to submit "quality, innovative" entries for 45th MMFF

**QUEZON CITY (PIA)—** The Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), the organizer of the Metro Manila Film Festival (MMFF), is urging film producers to submit "quality and innovative" film entries that will make Filipinos proud.

In a press briefing held Monday at the MMDA headquarters in Makati, MMDA and concurrent MMFF Chairman Danilo Lim said they are hoping to receive quality and innovative entries to this year's MMFF – excellent stories that will capture the hearts not only of many Filipinos but also the international audience.

During the event, Lim praised last year's entry "Rainbow's Sunset" that made it big at the 52nd Annual World Fest in Houston, Texas recently.

He recognized the team behind the film for making Filipinos, particularly, the local film industry proud while at the same time pose a challenge to succeeding production outfits that will join the film festival this year.

"I hope that this will not be the first and last time that we will win big in international film festivals and there will be more success in the future," Lim said.

"The MMDA and the MMFF will continue to back up our local films and filmmakers for the Philippines to have its rightful place in global filmmaking industry," Lim said.

According to Lim, the MMFF is gearing up for a "double celebration" this year with the commemoration of its 45th anniversary, which coincides with the centenary of Philippine cinema.

"We have big plans for MMFF, not only during December but all-year-round so we are holding seminars and caravans to develop talents of more students," said Lim.

The deadline for submission of entries on script format for this year's film fest is on May 31; deadline for Short Film Student Competition entries is on July 15; and entries for finished film format is on September 20. **(PIA InfoComm/MMDA)**

# NEVER SAY DIE NG GINEBRA NG MAGSIMULA

**Ang buong-pusong suporta ng Barangay Ginebra San Miguel fans ay sumasalamin lamang sa buong-puso ring paglalaro ng koponan. Hindi nga ba't ito ang team na kumakatawan sa katagang Never – Say – Die.**

Bagama't nabuo ang Barangay Ginebra franchise noong 1979, taong 1985 naitala sa kasaysayan ng basketball ang pagsisimula ng Never-Say-Die spirit ng Ginebra San Miguel. Ang nanguna sa kaganapang ito ay walang iba kundi si Robert Jaworski, Sr. Matapos siyang masiko sa second quarter, kinailangang tumigil sa paglalaro si Big J at pumunta sa ospital. Laking gulat ng lahat ng bumalik siya noong third quarter na mayroon pang mga tahi sa labi sa huling pitong minute ng laro, at may 15 puntos na lamang ang kalaban. Sa pamumuno ni Jaworski, nakahabol at nanalo ang Ginebra na nagdulot ng nakabibinging sigawan at palakpakan mula sa manonood. Dito na nga nag-umpisang bansagan ang Barangay Ginebra San Miguel na Never-Say-Die.



GINEBRA 40 TAON NSD - MAKIKITA sa larawan ang sikat sa larangan ng PBA na sila Never – Say – Die spirit Robert Jaworski, Sr. (7) Jayjay Helterbrand(13), Mark Caguioa (47), Scottie Thompson (6) at import Justin Brownlee (32) makaraang ilunsad ng Ginebra San Migel ang 2019 Never Say Die Jersey Collection na nagtatampok sa mga pinakasikat na manlalaro sa 40 taon na kasaysayan ng ganapin ito sa Novotel Manila, Araneta Center. (RGN)

Kung kayat tuloy ang naging laban sa basketball kung saan ay taon-taon, pinatunayan ng mga manlalaro ng Ginebra San Miguel na buhay ang diwang Never-Say-Die sa kanilang mga paglalaro.

Binansagan namang "The Fast and The Furious" sila Mark Caguioa at Jayjay Helterbrand na nagpakita ng katatagan at determinasyon upang makamit ang kampeonato sa PBA Fiesta Conference noong 2004-2005 season at mawakasan ang pitong taong walang panalo ng koponan.

Ginawa pa nilang back-to-back ang tagumpay na ito noong sila rin ang naguwi ng tropeo sa sumunod na kumperensya – ang Philippine Cup Conference. Retirado na si Helterbrand ngunit naniniwala siya na tuloy pa rin and diwang NSD sa mga kasalukuyang manlalaro, tulad na lang ni Scottie Thompson na gumawa ng sarili niyang marka sa PBA sa kanyang mga triple double at sa pagkamit niya Finals MVP noong nakaraang Commissioner's Cup. Hanggang ngayon, todo-bigay pa rin siya sa bawat laban na hinaharap ng Barangay Ginebra.

Bilang pasasalamat sa kanilang apt na dekadang suporta, inilunsad ng Ginebra San Miguel ang 2019 Never Say Die Jersey Collection na nagtatampok sa mga pinakasikat na manlalaro sa 40 taon na kasaysayan ng Ginebra franchise sa pangunguna ni Living Legend at ama ng Never – Say – Die spirit Robert Jaworski, Sr. (7) Jayjay Helterbrand(13), Mark Caguioa (47), Scottie Thompson (6) at import Justin Brownlee (32) ng ganapin ang pagtitipon sa Novotel Manila.






1ST PLACE UNDER 7 - SMALL BUT TIRREBLE – Bukod tanging ang batang si Josh Alton Gumiran ng Cagayan mag-aaral ng Bagay Elementary School ang nagkamit ng first placer para sa Boys under 7 na ginawaran ng Championship Trophy nila Tournament Director GM Jayson Gonzales at GM Eugene Torre sa katatapos na 2019 National Youth & Chess Championship (Luzon Leg) na ginanap sa PACE Philippine Academy Chess Excellence 2nd Floor 56 Mindanao Avenue, Project 6 Quezon City. (RGN)

# 2019 ASEAN Taekwondo Championship

**ANG** katatapos na 2019 ASEAN Taekwondo Championship ay nag pamalas ng kagalingan n gating mga pambato sa ibat-ibang division kung saan ay nagsipagwagi sa unang at ikalawang araw na kumpetisyon na ginanap sa SM Mall of Asia Music Hall, Pasay City.

Kaugnay nito narito ang mga talaan ng mga nag sipagwagi sa magkakahiwalay na kategorya Juniors, Boys at Girls nagkamit ng gintong medalya si Sofia Ysabelle Sarmiento (Recognized Junior Individual Girls), King Nash Alcario, Justin Kobe Macario, James Oranza, (Recognized Junior Team Boys) Faustina Marie Anicete, Cindy Joy Diasnes, Laeia Simoune Soria (Recognized Junior Team Girls) Rodolfo Reyes Jr. (Recognized Senior Individual Male U30)

Sa ibang kaganapan ay nakamtam naman nila Raphael Enrico Mella, Patrick King Perez, Rodolfo Reyes, Jr. (Recognized Team Male U30) Clare Therese Gaston, Angelica Joyce Gaw, Mikee Rose Regala (Recognized Team Female U30) Jeffry Ysmael (Recognized Individual Male U40) Janna Dominique Oliva (Freestyle Individual Female O17.




TOPS USAPANG SPORTS - TRADITIONAL group picture sa mga naging panauhin sa TOPS Usapang Sports sa NPC National Press Club Intramuros Manila sa pangunguna ni Reform Philippine Sports president Charly Holganza at ang apat na NSA group. Kasama ang (nasa gitna) TOPS President Ed Andya mga opisyal at membro. (RGN)



FREESTYLE INDIVIDUAL - NAGPAKITA ng kagalingan sa (Freestyle Individual Female O17) si Janna Dominique Oliva. Ng lahukan nito ang ginanap na 2019 ASEAN Taekwondo Championships sa SM Mall of Asia Music Hall, Pasay City. katunggali ang bansang Singapore, Malaysia, Myanmar, Vietnam at iba. (RGN)




(From L-R) DOT-CALABARZON Regional Director Marites T. Castro, DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo, Philippine Coast Guard - District Southern Tagalog Cmdre. Leovigildo G. Panopio and Philippine Coast Guard District - NCR Luzon Cmdre Artemio M. Abu seals their commitment to the "Health in Tourism" Program which will provide safety and security for tourists in the region during the "Signing of the Tripartite Memorandum of Agreement" held at the New World Hotel Manila Bay in Malate, Manila on May 6, 2019. BOY NAMORA

# DOH, DOT, PCG SIGNS TRIPARTITE MOA FOR THE IMPLEMENTATION OF HiT IN CALABARZON

**Regional offices of Department of Health (DOH) and Department of Tourism (DOT) - CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) together with the Coast Guard Districts of National Capital Region – Central Luzon and Southern Tagalog yesterday signed a Tripartite Memorandum of Agreement to combine their efforts to improve the security and safety of tourists and the community through appropriate training and information campaign through the "Health in Tourism" Program.**

"Through this partnership we can ensure the implementation of HiT objectives and utilize the program as an instrument in protecting the people from hazards and risks that could endanger their health and safety," Regional Director Eduardo C. Janairo stated during the signing ceremony held at the New World Hotel Manila Bay, Malate, Manila on May 6, 2019.

"We will enable both public and private stakeholders involved in tourism activities, including enterprises that offer recreational activities, particularly resorts and hotels with pools, to provide trained lifeguards or water rescue personnel to be able to minimize and lessen drowning incidents in their area," he emphasized.

Janairo also said that they will assist owners of Tourism-Related Establishments (TREs) to have their own lifeguard through the Lifeguard Qualification Training Course, which is part of the HiT program that will be conducted by the Philippine Coast Guard.

"The DOT will then ensure that all TREs in the region will be accredited and in compliance with their rules and regulations to be able to become beneficiaries of the HiT program," Janairo added.

To be included in the HiT program, a beneficiary or a TRE must conform with the criteria set by the regional office including accreditation from the DOT. Also, establishments will be assessed the according to the existing laws related to the health and safety of tourists.

"Safety and security are vital factors in providing quality in tourism. The success or failure of a tourist destination depends on the TREs being able to provide a healthy, safe and secure environment for their visitors."

"By working with partners agencies, we can provide the proper environment and develop a program of safe services for tourists that will contribute to a valuable economic return not only or the tourism industry but for the region as well," he concluded. **BN**

## BUHAY-KARERA



**MARLON BAGUS**
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com

## PHILTOBO 3YO "GINTONG LAHI GRADUATE STAKES RACE"

Maglalaban laban ang 14 na kabayo sa PHILTOBO 3YO " Gintong Lahi Graduate Stakes Race" sa bakuran ng San Lazaro Leisure Park sa Carmona, Cavite. Magaganap ang nasabing pakarera na paglalabanan ng may pinakamagandang lahi ng grupo na kinabibilangan ng Philippine Thoroughbred Owners and Breeders Organization (PHILTOBO). Ito ang kauna- unahang pakarerang PHILTOBO na may nakalaang papremyo P2M na hahatiin sa apat na unang makakatawid sa finish line sa distansiyang 1,600 meters. Mag- uuwi ng P1.2M ang tatanghaling kampeon sa PHILTOBO 3YO " Gintong Lahi Graduate Stakes Race" P450,000 sa 2nd place, P250,000 sa 3rd place at P100,000 ang 4th place. Ang mga kalahok ay kinabibilangan ng Coup D' Etat; Golden Buzzer; JayZ; Lady Bell; Money For Tony; Mount Dulag Dulag; My Shelltex; Peter Saints; Real Gold; Serafina; Shanghai Noon; Storm Bell; The Accountant at Toy For The Big Boy. Sa mga kalahok, tatlo ang magkacouple entry ito ay kinabibilangan ng Lady Bell at Storm Bell; Money For Tony at My Shelltex; Peter Saints at Toy For The Big Boy. Tatanggap din ng trophy ang manangalong kabayo para sa horse owner, trainer at hinete mula sa PHILTOBO. Samantala, nakatakdang bitiwan ang 2019 Philracom 4 Year Old & Above Open Stakes Race sa Mayo 19 sa Metro Manila Turf Club, Inc. (MMTCI) sa Malvar, Batangas. Mag- uunahan sa 1,600 meters na distansiya ang gustong lumahok sa nasabing karera. bukas sa lahat ng 4 Year Old & Above na local at imported horses ang nasabing pakarera. Tatanggap ng P300,000 ang tatanghaling kampeon. Habang maguuwi ang 2nd place ng P112,500, tatanggap ng P62,500 ang 3rd place at P25,000 ang 4th place.

# Lolo 'dedo' 2 pa sugatan sa sakuna

**PATAY** ang isang 61-anyos na lolo nang magulungan habang sugatan ang sakay nitong 10-anyos na estudyante at isa pang 20-anyos na babaeng estudayante na sakay ng isa pang tricycle, nang tumilapon ang mga ito sa minamanehong tricyce at masandwich ang katawan ng una sa dalawa sa sasakyan sa Trece Martires City, Cavite.

Dead on arrival sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital ang biktimang si Aurelito Pecson, 61, tricycle driver, ng Bock 12 lot 7 Southville PH-2A Bry Aguado, Trece Martires City habang ginagamot sa nasabi ring ospital si Vidalyn Nueva, 10, estudayante, ng Brgy. 6 Brgy Lapidario; at Antonette dela Cruz Bacarro, 20, estudyante, ng B4 Lot 48 P1 Radition Homes Brgy Inocencio.

Reckless Imprudence Resulting in Homicide with Multiple Physical Injuries and Damaged to Property ang isinampang kaso laban sa driver ng isang kulay aluminum metallic na Ford Everest na may plakang NAL 1080 na minamaneho ni Angelito Gadon ng 4th Area Baseco Compound, Tondo, Manila.

Sa ulat ni Pat John Gregory Bago, ng Trece Martires City Police Station, dakong alas-12:05 ng tanghali nang naganap ang insidente sa Indang-Trece-Martires Road sa Brgy Luciano, Trece Martires City kung saan binabagtas ng biktima ang nasabing lugar habang minamaneho ang kanyang tricycle na may plakang AC 23101 at sakay nito ang isang 10-anyos na estudyante nang araruhin ito ng kabuntot na sasakyan na Ford Everest na minamaneho ni Gadon, company driver ng Unitop Gen Merchandise Inc.

Ayon sa driver ng Ford Everest, nawalan umano ng kontrol ang manibela nito dahilan upang mabangga nito ang tricycle ng biktima at makaladkad sa kabilang linya ng kalsada at ma-sandwich ng isang paparating na kulay pulang Toyota Vios (XNB 469) na minamaneho ng isang Efren Sangangbayan , 44, ng 67 Brgy. Harasan, Indang, Cavite.

Tinangka ng driver na iatras ang kanyang sasakyan kung saan naatrasan naman nito ang isa pang tricycle na minamaneho ni Angelito Vicedo, 58, ng J. Vicedo St. Brgy. Luciano Trece Martires City, na nagresulta naman sa pagkakasugat ng sakay nitong si Bacarro.

Pawang dinala sa ospital ang mga biktima subalit idinelarang dead on arrival si Pecson. **GENE ADSUARA**

# Mga nagtapon ng basura, 'pinadakma' ni bise mayora

**SWAK** sa kulungan ang may-ari ng isang trucking at lima nitong tauhan matapos na naaktuhan na nagtatapon ng illegal na basura sa General Mariano Alvarez (GMA) Cavite.

Paglabag sa RA9003 (Ecological Solid Waste Management Act of 2000) ang isinampang kaso laban kay Wilfredo Corda Bobis, 66, may-asawa, may-ari ng W. Bobis Trading at truck na may plakang DRW-971 ng 298 Ext. CRS Farm Estate Brgy. F Reyes, GMA, at mga tauhan nitong sina Moises Abelidas, 36, binata, truck driver; Ryan Castro, 34 helper; Edgar Malan, 38, Nelson Silvano, 57,may-asawa, driver, ng Blk. 4 Lot 12 Brgy. Elesis, GMA, Cavite; at Archie Guerrero , 23, helper dahil sa reklamo ni GMA Vice Mayor Maricel Echevarria Torres, 45, at Michael Sortijas Templonuevo, 46 ng Blk. 15 Lot 14 Teachers Village Brgy. San Gabriel, GMA.

Sa isinampang reklamo ni Vice Mayor Torres kay PMSgt Luis Divina, ng GMA Municipal Police Station, dakong alas-6:30 ng gabi nang naaktuhan ang mga suspek na nagtatapon ng basura sa isang saradong dumped site sa CRS Brgy F. Reyes, GMA.

Nabatid na mismong ang may-ari pa ng trucking na si Bobis ang nagmamando sa dalawang truck (DRW 971 at TJA 491) para maitapon ang basura.

Ayon kay Divina, bukod sa saraong dump site ang lugar, ang nasabi pang mga basura ay kinukuha umano sa iba't ibang bayan sa Cavite.

Hawak na ng pulisya ang mga suspek at ang dalawang truck na puno ng basura. **GENE ADSUARA**

## HANEP SHOWBIZ

# NADINE LUSTRE, HANDANG 'MAGBATO'



**SI Nadine Lustre ay handang 'magbato' meaning ay 'redi siya na hawakan ang bato.**

Kapag nahawakan ang bato ay 'saka naman lulunukin at kasunod ay ang isang malakas na pagsigaw.

Darna... sabi nga ni Nadine ay nakahanda niyang gampanan ang natur-ang Pinay super hero kung ito ay sa kanya maipapagkaloob.

Mukhang si Nadine na nga yata ang maipapalit kay Liza Soberano para sa papel na Darna.

Ano pong say ninyo? Eh sino po ba ang bet ninyo para sa karakter na ito?

Bukod kay Nadine ay nakahilera rin si 2015 Miss Universe Pia Wurtzbach at maging si Maja Salvador.

Sino nga kaya ang lulunok ng bato?

Speaking of Darna, isa si Anna Luna sa mga sumabak sa audition para rito.

Hindi nga raw matawaran ang kabog ng dibdib o kaba ng aktres during the audition.

Siyempre nga naman, bilang isang Pinay o girl ay hinahangad ang makagampan as a Darna.

Nahingan ng komento si Anna tungkol kay Nadine about sa Darna.

Kung si Nadine ang sakaling mapipiling Darna ay masaya raw si Anna.

Anna and Nadine ay best of friends, katunayan ay malapit o magkaibigan ang kani-kanilang pamilya.

Kaya para kay Anna, ang tagumpay ni Nadine ay kanya na ring tagumpay.

@@@

**HAPPY MOTHER'S DAY**

Huli man daw at magaling ay maihahabol pa rin, Happy Mother's Day to all.

Masuwerte ang aktres na si Lourna Jane "LJ" Reyes dahil bago pa man ang takdang araw ng okasyon ay naramdaman na niya kaagad.

Bakit? Before May 12 ay isang munti at simpleng regalo ang natanggap ni LJ mula sa kanyang panganay na anak.

Isang box na mayroong mga tsokolate with matching flowers pa ang natanggap ni LJ.

Ang nakakapagpataba lalo ng puso ay ang mensahe ng eight year old na anak sa kanyang mommy.

Sabihan ka ng mahal ka ng anak mo at kasabay ng pagbati sa ganoong okasyon, sarap naman talaga.

Ang panganay ni LJ ay anak niya sa dating celebrity boyfriend na si Paulo Avelino.

Kuya na ang panganay ni LJ dahil apat na buwan na ang baby ng aktres mula naman sa kanyang bagong lovelife na si Paolo Contis.



# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(Huling labas)**

**NAKAALIS** na si Inday at si Kardo ay nananatiling nakalugmok.

Matagal-tagal din bago tumindig mula sa pagkakaupo si Kardo at nagtungo sa kusina.

Nagbukas ng ref at pagkatapos ay iginalagala ang kanyang mga paningin.

May mga stock siyang iba't ibang klase ng imported wine na unang sumagi sa isip ay ang pag-inom o ang paglalasing.

Pero natanto ni Kardo na hindi alak ang magiging solusyon sa kanyang suliranin.

"Patawarin mo ako, 'yun na ang aking pasya. Sana ay maunawaan mo ako."

Nagpunta si Kardo kay Lyka upang makipag-usap ng maayos at para tapusin na ang lahat.

Bahagi si Lyka sa mabigat na problemang kinakaharap sa ngayon ni Kardo.

Hindi nagpunta roon upang ganap ng makisama kay Lyka dahil iniwan na siya ni Inday.

"Nauunawaan naman kita at kung ako lang ay nakahanda akong magparaya."

"Kaya nga lamang ay may anak tayo tandaan mo 'yan at sana ay 'wag mong kalilimutan 'yan."

"Anak mo s'ya, dugo at laman mo kaya paano na ang magiging sitwasyon?"

Masuwerte pa rin si Kardo dahil kahit paano ay nakabukas ang isipan ni Lyka.

Nakahanda si Lyka na putulin ang kanilang relasyon subalit paano na nga ang kanilang anak.

Mawawala man sila ni Lyka subalit hindi roon matatapos ang pagpapahiram ni Kardo ng kanyang oras.

Ang kanyang oras ay mahihiram at mahihiram pa rin para sa anak nila ni Lyka.

Kahit paano ay nakabawas ng bigat ng dibdib kay Kardo ang ginawang pagpunta at pakikipag-usap kay Lyka.

Hindi ang pagkatalo sa eleksiyon ang labis na ikinamumukmok ni Kardo.

Ang paglayo at pagkawala ng kanyang sariling pamilya, ang misis niyang si Inday at anak nila.

Ano at paano ang kanyang gagawin upang ang pamilyang iyon ay muling mabuo?

Naniniwala naman si Kardo na ang kanyang pamilya ay mabubuuong muli sa tamang panahon.

Kilala rin naman niya ang kanyang asawang si Inday para sa paggawad ng kapatawaran niya.

Ang napakalaking katanungan lamang ni Kardo ay kung papayagan siya ni Inday na ang kanyang oras ay mahihiram ng anak niya kay Lyka.

**(Wakas)**




**(Ika-8 labas)**

**MEDYO** nalibre sa ilang gawain sa kusina si Cora kaya habang nagrerelaks ay nagkaroon ng pagkakataong makakuwentuhan si Bernie.

"Pamangkin ka kamo ni Cecile, eh Bernie 'panu mo pala s'ya naging tiyahin?"

Maraming itinatanong si Cora na nahihirapan si Bernie sa mga dapat na isasagot.

"Bernie, telepono si 'Mam at kakausapin ka raw."

Mabuti na lamang at isa sa mga empleyado ng 'restoran ay tinawag si Bernie.

Hindi kasi talaga alam ni Bernie ang mga isasagot sa iba pang tanong sa kanya ni Cora.

"Opo auntie...opo auntie..."

Inilalakas ni Bernie ang boses dahil habang nakikipag-usap siya sa telepono ay nakatingin pa rin sa kanya si Cora.

"Hay salamat."

Wala na sa linya ng telepono si Cecile pero nagkukunwari si Bernie na may kausap pa rin siya.

Hinihintay lang ni Bernie na makaalis si Cora at makabalik ng kusina.

Pero habang kausap kanina si Cecile ay hindi naman nagbabanggit si Bernie tungkol sa mga itinatanong sa kanya ni Cora.

Mga ilang oras ang nakalipas nang muling bumalik si Cecile sa restoran.

"Aalis din uli ako 'mamya at pagbalik ko eh sabay-sabay na tayo nina Cora pag-uwi."

Bahagyang nakaramdam uli ng pagkakaba si Bernie dahil baka mausisa na naman siya ni Cora kapag wala na si Cecile.

Inutusan ni Cecile si Bernie at ipinatawag si Cora.

"Kain na tayo Cora, pakihanda na pagkain. Pagkakain eh aalis uli ako."

"Bahala ka na muna rito sa pamangkin ko ah, sabay-sabay na tayo 'mamya uuwi."

Ang bahagyang kaba ni Bernie ay saglit na naibsan nang lantakan ang inihaing tanghalian ni Cora.

"Napakasarap talagang magluto ni Manang Cora, malamang auntie eh tataba ako nito."

Natawa lang si Cecile pati si Cora sa sinabi ni Bernie.

Matagal-tagal na uling nakaalis si Cecile at kahit paano ay hindi naman na nagtanong si Cora kay Bernie.

"Talaga akin ito? Wow naman, tiyak na mahal ito. Ang ganda-ganda."

**(Sundan)**

# P3.9-M SET FOR STUDENTS JOBS IN CAVITE

**GENERAL TRIAS CITY, Cavite — The city government has earmarked some PHP3.9 million as the local counterpart fund for the employment program with the Department of Labor and Employment (DOLE) for students during summer vacation.**

Ariel Mugol, Public Employment Service Office (PESO) manager, said Thursday the amount will cover the 60 percent daily wage while DOLE will shoulder the remaining 40 percent of each student workers, or a total of PHP4,427.20 for 22 working days.

Mugol said the city government has around 600 Special Program for the Employment of Students (SPES) comprised of college and senior high school beneficiaries who will be employed at the different local government offices here.

This year's summer jobs include clerical, administrative and other general services scheduled for 200 students in three batches from April 8 to May 14; May 14 to June 17; and June 17 to July 17.

SPES is a government work program for the poor but deserving students aimed at augmenting their financial capability and easing the burden among parents.

The program is also designed to provide students the learning and working environment so they could also appreciate the value of public service.

"Learning is imperative because good results are not far behind if students learn how to earn and practice what they have learned," Mugol said.

He said SPES is a collaborative undertaking of the local government and DOLE to provide students the "learn and earn" opportunity every summer vacation. ***(Dennis Abrina/ PNA)***



**MASAYANG** nagpakuha ng larawan ang aking mga co -school mates sa High school ng Notre Dame of Kabacan, North Cotabato, 3rd Year Batch 1971-72 na sina Gie Sotto, Jerry Arconado, Lilia Dela Rosa Castueras at bilang handog nila sa aking Kaarawan noong ika-5 ng Abril, 2019.kasama ko ang asawa na si Virgie at inyong lingkod **JIMMY HAO**

# DepEd to broadcast networks: Observe Child-Friendly Content Standards

**QUEZON CITY (PIA)—** The Department of Education (DepEd) expressed hope that every broadcast network in the country would observe the Child-friendly Content Standards (CFCS) recently launched by the National Council for Children's Television (NCCT).

In a statement, DepEd Undersecretary for Administration Alain Del Pascua said the set of standards allows government agencies and other stakeholders that are involved in shaping the future generations of Filipinos to be in-step with the quick-paced information revolution by keeping Filipino values intact, and ensuring that children gain proper knowledge and are not led astray by negative content

"DepEd and other stakeholders will work together to better prepare Filipino learners to face various societal issues in the fast-changing modern world," Del Pascua said.

"We hope that every broadcast network in the country will religiously bear in mind the required 15% allotment to children's programs and child-friendly programs." Del Pascua added.

Pursuant to Section 9 of Republic Act (RA) No. 8370 or the Children's Television Act, NCCT shall formulate and promote CFCS which requires broadcast television networks to allocate a minimum of 15% of their daily total airtime to children's programs and/or child-friendly programs to be shown during child-viewing hours.

Based on the CFCS, children's television programs shall be: educational or must promote, protect, and develop the child's physical, emotional, moral, spiritual, intellectual, and social well-being; value-laden or must foster and nurture the positive value formation and overall development of a child; and age-appropriate or must be suitable according to the formative and developmental stages of a child.

Television programs not specifically designed for viewing by children shall be considered child-friendly only if they meet the set criteria on the theme, values, dialogue, language, nutrition, sex and nudity, violence, substance use, gambling, and advertisements.

NCCT also considers hours between 8:00 a.m. and 11:00 a.m., and/or between 2:00 p.m. and 5:00 p.m. to be appropriate for children to watch television, taking into consideration other activities necessary for their balanced development.

Broadcast networks are given sufficient time to comply with the minimum 15% allotment of the daily total airtime to children's programs and/or child-friendly programs.

From the date of effectivity until December 31, 2019, the compliance to the minimum 15% shall be on a voluntary basis.

But in 2020, every broadcast network shall have at least five % compliance, while at least 10% minimum allotment should be attained in 2021.

By 2022, the required 15% of the total everyday airtime for children's programs and/or child-friendly programs shall be complied. **(PIA InfoComm/ DepEd)**




DepEd-BLSS Director and NCCT OIC-Director Rizalino Jose Rosales delivers the messaqge of DepEd Usec. Alain Del Pascua during the launch of NCCT's Child-Friendly Content Standards. **(Photo courtesy of DepEd)**

# Neck, back pains can be symptoms of spinal arthritis: health expert

MANILA — A health expert on Tuesday urged the public not to neglect severe and prolonged neck and back pains as they can be symptoms of Ankylosing Spondylitis (AS), a type of arthritis that attacks the spine.

"All of us will develop some sort of back pain. For example, if you're working in a sedentary position in the office, you are in an ergonomically challenged position or you carry heavy objects like construction or mechanical workers. But, there's a type of back pain that you need to take seriously, the one that is accompanied with fever and weight loss, and other red flags of AS," Philippine Rheumatology Association (PRA) board member, Dr. Evan Vista, said in a press briefing during World Ankylosing Spondylitis Day in Quezon City.

Vista said the symptoms of AS include recurring back pain, nocturnal back pain affecting sleep, bladder or bowel incontinence, bilateral lower extremity weakness and saddle anesthesia or feeling of numbness on the buttocks.

"Around one million out of 100 million Filipinos are (at) risk of AS. To say that a person has AS and not just simple back pain, we doctors follow a guideline for inflammatory back pain and these include chronic lower back pain that is more than three months, if you're less than 45 years old, and HLA-B27 positivity," he added.

The HLA-B27 gene can be detected in the blood of most patients with AS.

Since AS usually starts as a regular back or neck pain, Vista said most Filipinos take pain relievers immediately instead of going to a specialist for a consultation.

"At first, AS patients' bodies respond to pain relievers and this makes them think that it's a simple back pain when in fact they already have a bigger problem," he said.

Early diagnosis, treatment for AS patients

Vista said AS affects men more than women and it is "underdiagnosed" in the country.

"We don't have a local prevalence study, but the PRA is collecting information about AS patients so we might have urban prevalence data since half of the rheumatologists' population is in the urban areas," he said.

While there is no cure for AS, most experts say that early diagnosis and treatment of the disease can help control the pain and stiffness, and prevent or reduce the significant deformity in the patient's spine.

"As it affects men in their teens, in their productive years, it can impact the quality of life of the patients and affect the patient's family socio-economically, because AS also leads to other atrioventricular problems," Vista said.

Meanwhile, PRA Patient Advocacy Committee member Geraldine Zamora said AS cannot be acquired through unhealthy lifestyle.

"Genes play a big factor in AS, and it is common misconception that arthritis is caused by what the person ate or what the person did. This is due to his genes and infections or other diseases may have added to the condition," she said, noting that AS is not contagious. *(PNA)*

# SC URGES PROMPT ACTION ON ZAMBO JUDGE'S SLAY

**MANILA — The Supreme Court (SC) on Thursday called on authorities to quickly act on the murder of Judge Reymar Lacaya of Sindangan, Zamboanga del Norte Regional Trial Court (RTC) Branch 11.**

"The entire Judiciary condemns in the strongest possible terms the killing of Judge Lacaya. I am urging the authorities to exert their best efforts for the immediate apprehension of those responsible for Judge Lacaya's death," Chief Justice Lucas Bersamin said in a statement.

Lacaya, who was shot dead in Liloy, Zamboanga del Norte on Thursday afternoon, is the 30th active judge to be slain since 1999.

In 2005, the Court approved the Guidelines for Detail of Court Personnel as Security of Judges allowing a judge who receives a direct threat to apply with the Philippine National Police (PNP) or the Court's Security Committee for protection.

The Court, through the Office of the Court Administrator, has inked a Memorandum of Agreement with the Philippine National Police in 2005 "to work and coordinate with each other in the processing of Permits to Carry Licensed Firearms of the members of the Judiciary," especially those who are receiving death threats.

Under the MOA, judges are granted permits to carry their firearms even outside their stations. ***(PNA)***

# Angeles court bars suspect in Jee slay case from leaving PH

MANILA — The Angeles City Regional Trial Court (RTC) on Wednesday issued a hold departure order (HDO) against Police Lt. Col. Rafael P. Dumlao, the government's highest-ranking suspect in the abduction and murder of South Korean businessman Jee Ick Joo three years ago.

"The Travel Control Bureau of the Bureau of Immigration and Deportation of the Ninoy Aquino International Airport (NAIA) ,Pasay City is ordered to hold the departure of the accused (Dumlao) from the country so as not to escape criminal liabilities pending the final determination of this case," RTC Branch 56 Judge Irin Zenaida S. Buan said in her order.

Senior Assistant State Prosecutor Juan Pedro C. Navera sought a HDO from the court after it ruled to allow bail for Dumlao last April 24.

"In order not to frustrate the ends of justice, as when the accused retreat to another country in order to escape prosecution, it is imperative that a hold departure order (HDO) be issued directing the Commissioner of the Bureau of Immigration to prevent (Dumlao) from leaving the Philippines during the pendency of these cases," prosecutors said in their motion dated May 6.

In its 32-page order, the court, in allowing temporary liberty for Dumlao, said the prosecution witnesses' "testimonies did not point to any specific act committed by accused Dumlao that could be interpreted as one done in furtherance of the alleged conspiracy to abduct and kill the victim."

"The evidence of guilt not being strong, the Court hereby grants the petition for bail of accused (Police Lt. Col.) Rafael Dumlao III," Buan said but claimed that it is not a final ruling on the former's innocence or guilt.

"It has been held that it is not an uncommon occurrence that an accused person granted bail is convicted in due course," Buan said.

The magistrate noted as insufficient the testimony of Police Cpl. Christopher Baldovino and Police Master Sgt. Roy Villegas that he heard the phone conversation between Dumlao and Police Executive Master Sgt. Ricky Sta Sta. Isabel when the former inquired from the latter about a Oct. 4, 2016 operation surveillance in Caloocan, days before the Oct. 18, 2016 operation where Jee Ick Joo was abducted.

Dumlao and his co-accused are facing charges of kidnapping for ransom with homicide, kidnapping and serious illegal detention and carnapping.

Sta. Isabel, Jerry Omlang and Dumlao are charged with kidnapping for ransom and homicide, while Gerardo "Ding" Santiago, owner of the Gream Funeral Services in Caloocan City where the body of the South Korean businessman was brought, was charged as an accessory to the crime.

Omlang is an errand boy at the NBI who surrendered and confessed to his participation in the crime.

Villegas was included in the case but was dropped from the charge sheet to become a state witness. *(PNA)*

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGIONAL**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**MULTIPLE SALA**
**IMUS, CAVITE**

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION, (NHMFC)**
Mortgagee,

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

**SPS. JAMES DE JESUS CABRERA &**
**MA. ANGELES F. CABRERA,**
Mortgagors **FC No. 16305-18**

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC)**, mortgagee/assignee, with principal office at 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **SPS. JAMES DE JESUS CABRERA and MA. ANGELES F. CABRERA** with residence and postal address at Lakersfield Subd. Lot 32 Blk. 4, Bo. Toclong, Kawit, Cavite and/or #13-C Daguma St., Santol Quezon City to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 30, 2017 amounts to **EIGHT HUNDRED THIRTY SIX THOUSAND FOUR HUNDRED TEN PESOS & 74/100 (Php 836,410.74)**, Philippine Currency including interest and penalty charges but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **June 18, 2019** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan g Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-514343**

"A parcel of land (Lot 32, Blk.4 of the consol. subd. plan, Pcs-042111-008660, being a portion of the consol. of lots 1&2 Psu-246995 L.R.C. Rec. No. ), sit. in the Brgy. of Toclong, Mun. of Kawit, Prov. of Cavite, Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 31; Blk.4 of the NWE., along line 2-3 by Lot 34, Blk. 4, on the SE., along line 3-4 by rd. Lot 4; on the SW., along line 4-1 by Lot 30, Blk.4, all of the consol. subd. plan **x x x** containing an area of **SEVENTY (70) SQUARE METERS**" **x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **June 25, 2019** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrance thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **April 26, 2019**

**ISRAEL S. MEDINA**
Sheriff IV

APPROVED: **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
104 Amorsolo St. Legaspi Village,Makati City
Atty. Nestor A. Formaran
5/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St. Legaspi Village,Makati City

**SPS. JAMES DE JESUS CABRERA &**
**MA. ANGELES F. CABRERA**
Lakersfield Subd. Lot 32 Blk. 4 Bo. Toclong, Kawit, Cavite
and/or #13-C Daguma St., Santol Quezon City

**Publication: HANEP** May 13, 20 and 27, 2019

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**MULTIPLE SALA**
**IMUS, CAVITE**

**PAG-IBIG FUND or HDMF,**
Mortgagee,

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

**SALVACION Q. CENA,**
Mortgagors, **FC No. 16054-17**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **PAG-IBIG FUND or HDMF**, mortgagee, with principal office at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against **SALVACION Q. CENA, single, of legal age, Filipino Citizen,** with Lot 5, Block 9, Phase 3C, Citihomes Molino, Buhay na Tubig, Imus, Cavite & Lot 10, Block 1, Phase 3C, Citihomes Molino, Bacoor, Cavite and/or #47 Catherine St., Provident Village, Marikina City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of August 29, 2017 amounts to **THREE MILLION FOUR HUNDRED NINETY EIGHT THOUSAND FOURTY EIGHT PESOS & 38/100 (Php 3,498,048.38)**, Philippines Currency including interest and penalty charges but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **June 18, 2019** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan ng Katarungan, Aguinaldo Highway,Imus, Cavite, to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following properties with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-796092**

"A parcel of land (Lot 5 of the subd. plan, Psd-04-086410, being a portion of Blk. 9, Psd-04-083925, LRC Rec. No.8843), situated in Brgy. of Buhay na Tubig, Mun. of Imus,Prov. of Cavite, Bounded on the NW., along line 1-2 by Rd. Lot 12, Psd.04-083925 (Existing Road 6.50 m.wide); on the NE., along line 2-3 by Lot 4 of the subd. plan; on the SE., along line 3-4 by Lot 5839-I; Fls-218-D (lot 6519, Imus Estate), Pcs-042103-007876; on the SW., along line 4-1 by Lot 6 of the subd. plan x x x containing an area of **THIRTY NINE (39) SQUARE METERS"xxx**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **June 25, 2019** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **April 26, 2019**.

**ISRAEL S. MEDINA**
Sheriff IV

APPROVED: **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**Pag-Ibig Fund or HDMF**
The Petron Mega Plaza Building,
No. 358 Gil Puyat Avenue, Makati City

**SALVACION Q. CENA**
Lot 5, Block 9 Phase 3C Citihomes Molino,
Buhay na Tubig, Imus, Cavite &
Lot 10, Block 1 Phase 3C Citihomes Molino Bacoor, Cavite
and/or #47 Catherine St., Provident Village, Marikina City

**Publication: HANEP** May 13, 20 and 27, 2019

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

# TSUPER, NATIGOK SA KANDUNGAN NG IBANG BEBOT

**HINIHINALANG hindi nakayanan ng isang 49-anyos na jeepney driver ang "excitement" kapiling ang ibang babae nang nakaramdam ng hirap sa paghinga at natuluyan sa loob ng isang lodging house sa Dasmarinas City, Cavite.**

Tumaggi naman ang asawa nitong si Rowena Cabilogan na isailalim pa sa awtopsiya ang pagkamatay ng kanyang mister na si Larry Cabilogan, ng Blk 22 Lot 6, New York St, Brgy., Salawag, Dasmarinas City.

Sa ulat ni PMSgt Sean Francisco, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-9:09 ng gabi nang pumasok sa Piela Lodge na matatagpuan sa Brgy. Sampaloc 3 Dasmarinas City ang biktima kasama ang isang alias Gemma.

Gayunman, pagsapit ng alas-11:20 ng gabi nang tumawag si alias Gemma ng tulong sa room boy ng lodge nang nakaramdam ng hirap sa paghinga hanggang sa nawalan ng malay si Cabilogan kaya isinugod sa Pagamutan ng Dasmarinas City subalit idineklarang dead on arrival.

Dumating naman ang asawa ng biktima at pumirma ng Affifavit of waiver na huwag ng isailalim pa sa anumang SOCO assistance at awtopsiya ang bangkay ng kanyang mister. **GENE ADSUARA**

## Parak, tinaga sa noo

**SUGATAN** ang isang pulis Cavite nang tagain ng isang lalaki matapos itong rumesponde sa away ng mag-asawa sa Bacoor City, Cavite.

Ginamot sa St. Dominic Hospital ang biktimang si PSSgt Esteban De Leon, miembro ng SWAT Team at nakatalaga sa Bacoor City Police Station (CPS) habang naaresto naman ang suspek na si Ricky Silabay , 31, may live-in partner , construction worker, ng Brgy Ligas 3 Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Francis Mark Cortez, ng Bacoor CPS, dakong alas-11:15 ng gabi nang nakatanggap ng tawag ang pulisya hinggil sa umano'y lalaking inaaway nito ang kanyang asawa at nagwawala sa Brgy Ligas 3.

Dahil dito, mabilis namang nagresponde ang SWAT Team ng Bacoor CPS sa pamumuno ni De Leon kung saan pagdating sa lugar ay naabutan ang suspek na nagwawala kaya kinausap at inawat ito ng una.

Subalit imbes na huminahon, nagpatuloy ito sa pagwawala hanggang sa walang sabi-sabing tinaga ang rumespondeng opisyal sa noo.

Tinangka pa ng suspek na agawin ang service firearm ni De Leon kaya nagpambuno ang dalawa na nagresulta sa pagkakabaril ng huli sa una sa balikat.

Ang dalawa ay kapwa isinugod sa ospital kung saan naka-hospital arrest ang suspek.

Alarm and Scancal at Frustrated Murder ang isinampang kaso laban sa suspek na kasalukuyang nakakulong sa Bacoor City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

## Desperadong manager, nagbigti?

**NATUPAD** din ang kagustuhan na mawala na sa mundo ang isang 56-anyos na operation manager na dalawang beses ng nagtangkang magpakamatay nang matuluyan na ito matapos na nagbigti sa loob ng kanilang bahay sa Noveleta, Cavite.

Hinihinalang may ilang oras ng patay ang biktimang si Abel Reyes, may-asawa, operation manager ng ICT Company at residente ng 517 Llamado st. Sta. Cruz, Cavite City.

Sa ulat ni PSSgt Ricky Cerilos, ng Noveleta Municipal Police Station, dakong alas 11:50 ng gabi nang nadiskubre ang bangkay ng biktima ng kanyang live-in partner na si Jessica Caprisa sa loob ng tinutuluyang bahay sa Brgy San Antonio 2 Noveleta.

Ayon kay Jessica, nagising siya sa pagkakatulog nang napansin nitong wala sa kanyang tabi ang kanyang asawa at nakita ito sa kanilang bintana na nakabitin ang leeg sa grill gamit ang isang electrical wire.

Dagdag pa ng kanyang asawa na dumaranas ng depresyon si Reyes at dalawang beses na itong nagtangkang magpakamatay subalit naagapan lang siya.

Inaalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay nito. **GENE ADSUARA**

# Nagpakilalang NBI, arestado

**ARESTADO ng Cavite police ang isang 35-anyos na nagpapakilalang ahente ng National Bureau of Investigation (NBI) at naghihikayat na sa kanya bumili at magpagawa ng cellphone sa Alfonso, Cavite.**

Swindling/Estafa at Usurpation of Authority ang isinampang kaso laban sa suspek na si Benzyth Trajico, may-asawa, cellphone at laptop technician ng Poblacion, Mansalay, Oriental Mindoro dahil sa reklamo ni Henry Loreto, 38, vendor ng Dasmarinas City, Cavite; Chester John Gonzales, 28, cellphone technician, ng Brgy Sicat, Cavite; Isamael Tagadtat, 53, tricycle driver, ng Dasmarinas City, Cavite ; Florencio Araojo Jr, 49, tricycle driver ng paliparan 3, Dasmarinas City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Boyet Soriano, ng Alfonso Municipal Police Station, modus operandi ng suspek na maghikayat ng customer upang bumii sa kanya ng cellphone at laptop o magpagawa at upang maniwala sa kanya ang kanyang mga naging biktima ay nagpapakilala itong ahente siya ng NBI at ipinapakita ang isang NBI badge.

At upang lalo pang makumbinsi sa kanya ang bibili ay nagpapakilala din siyang Head Transporter ng Samsung at nagpapakita rin siya ng mga dokumento sa kumpanya ng Samsung.

Pero matapos na nakakolekta ang suspek ng tinatayang P7,500 na inisyal na deposit sa mga suspek ay hindi na ito nagpakita sa mga biktima dahilan upang magsumbong sa pulisya.

Gayunman, muling tumawag ang suspek sa isa sa biktima kung saan nagpapadagdag ito ng bayad sa ipinagawang laptop dahilan upang magsagawa ng entrapment operations ang Alfonso MPS na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek dakong alas-7:00 ng gabi sa Brgy Poblacion, Alfonso, Cavite.

Nakuha sa kanya ang P5,100 na marked money, mga pekeng dokumento at plastic badge ng NBI.

Ang suspek ay kasalukuyang nakakulong sa Alfonso Custodial Center. **GENE ADSUARA**



DALAWANG suspek na sina Joel Ariban at Charlie Tuazon ang nahulihan na nagbebenta ng pinagbabawal na gamut o shabu sa isinagawang buy bust operation ng Paranaque City Police - Anti Illegal Drugs Operation - PCP -5, Brgy.BF, Paranaque City. Pinipirmahan ni Pat Accad, Seizing Officer, ang mga ebidensya na nakalap sa mga suspek tulad ng 10 pirasong heat sealed transparent plastic sachet containing white crystalline suspek to be Shabu, 1 pirasong fortune Cigarette box at 2 pirasong 100 peso bill. (JIMMY HAO)



PINAGSANIB ang tauhan ng SDEU, PCP-1, PCP 3, kasama na rito ang SWAT na pinamunuan ni P/Major Anthony Alising, hepe ng SDEU Paranaque City Police Headquarters, sa operation ng anti illegal drugs sa isinagawang one time, big time at Oplan Galugad na kung saan apat na suspek ang umano'y nagbebenta at gumagamit o bumabatak ng pinagbabawal na gamut. Ang nakumpiskahan umano ng shabu ay sina Ronnie Diocariza, Arsenio Baliguat, ng Brgy. San Dionisio, John Mark Garcia at Junes Gani y Abdul, ng Brgy. LA Huerta sa Lungsod ng P'que . (JIMMY HAO)

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE



**ROMY SANTOS**

**0977-7844136**

## Basbas o pahintulot ng Panginoong Diyos

**TAON 4 Bilang 1** ang labas o isyu ng aming pahayagan ngayong May 13-19, 2019.

Ibig sabihin ay nakatuntong na ang HANEP Basahin Mo Ito sa ikatatlong anibersaryo.

Heto at panibagong mga pakikibaka upang makarating naman ang ikaapat na anibersaryo sa susunod na Mayo ng 2020.

Sabagay, napakabilis naman ang pagtakbo ng mga araw o panahon.

Parang kailan lang nang kumpletohin ko ang lahat ng mga kaukulang dokumento para sa pahayagang ito bago ang unang-unang pagkakalabas noong Mayo, 2016.

Hindi ako makakapayag na may kahit isa man lang na kulang na dokumento ang pahayagan o publication na ito lalo at pumapasok tayo sa mga regional trial court sa Cavite para sa mga judicial notices.

Lubos ang aking pasasalamat sa lahat ng kaagapay ko para sa ikatatagumpay ng pahayagang ito.

Siyempre lalung-lalo na ang taus puso kong pasasalamat sa ating Panginoong Diyos na Siyang may basbas o pahintulot upang ang HANEP ay magtuluy-tuloy.

May dalawang petisyon pa akong nakabinbin sa dalawang RTC ng Cavite na halos dalawang taon ko ng nai-file.

Alam ko na ang mga ito ay ipagkakaloob din sa akin ng Panginoong Diyos dahil parehas naman ako kung lumaban.

Isa pang RTC sa Cavite ay muli akong maghahain (file) ng petisyon matapos na deny ang inilabas na desisyon ng kagalang-galang na hukom nang maisalang ako sa pagdinig o hearing.

Naghain naman ako ng motion for reconsideration subalit muli ay deny.

Deny ang petisyon ko hindi po dahil sa kulang ako ng mga dokumento bagkus ay may ibang dahilan ang judge.

Kung tutuusin ay maaari ko po sanang ipaglaban iyong desisyon ng judge subalit inilagay ko na lamang sa aking isipan at puso na baka may iba pang dahilan ang Panginoong Diyos.

Kapag mayroon ng basbas o pahintulot ng Panginoong Diyos, ano man ang balakid ay ibibigay Niya na ito.

Kung noong unang anibersaryo ay mayroong munting pagtitipon sa Aviles Restaurant and Home of Original Bulalo sa Calamba City, Laguna; at noong ikalawang taong anibersaryo ay sa Tata Ver's KTV Home of Exotic Foods sa Tondo, Maynila ang selebrasyon siyempre ngayong ikatatlong taong anibersaryo ay mayroon ding magaganap na salu-salo na gaganapin sa Bacoor City, Cavite.

Muli, maraming salamat po sa lahat ng tumatangkilik ng **HANEP**.